Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-43 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-08 NG MAYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 28-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATADHANA NG PAGBABAWAL SA PAGSASARA, PAGSIRA O PAGTATAMBAK SA ANUMANG PATUBIGAN NG NIA AT LATERAL NITO SA LUNGSOD NG MALOLOS GAYUDIN ANG PAGSASAMA NG PLANO PARA SA PAGPAPANATILI NITO SA DEVELOPMENT PLAN SA SUBDIVISION PLAN AT PARA SA PAGKAKALOOB NG SPECIAL USE PERMIT (SUP), PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN HINGGIL DITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

**AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: KGG. DIONISIO MENDOZA, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III AT KGG. EMMANUEL R. SACAY**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** minamandato ng Seksyon 16 ng Batas Pambansa Blg. 7160 o mas kilala sa taguring "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas" ang paglalatag ng bawat Pamahalaang Lokal ng mga programa at proyektong magtataguyod sa kagalingang-Panlipunan;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay maituturing na isang Agricultural City at batay sa kasalukuyang datos ng Pamahalaang Panlungsod ay may kabuuang isang libo isang daan at dalawamput apat (1,124) ektaryang Lupain ang kasalukuyang sinasaka at may klasipikasyon bilang "Agricultural Land";

**SAPAGKAT,** batay na rin sa talaan ng Panlungsod na Tanggapan sa Agrikultura ay may humigit kumulang isang libo (1,000) na magsasaka sa Lungsod na patuloy na nagbubungkal ng Lupa upang sakahin;

**SAPAGKAT,** para sa taong 2021 ay may kabuuang (4,098.09 MT) sako ng bigas ang naani ng mga magsasakang Malolenyo;

**SAPAGKAT,** mahalaga ang pagtitiyak at pagseseguro ng sapat na daloy ng tubig para sa mga pinitak o kabukiran upang patuloy na matamnam ng palay;

**SAPAGKAT,** ang mga lupaing sakahan ng Lungsod ng Malolos ay labis na mahalaga sa kabuhayan ng mga magsasaka at mga pamilya nito gayundin sa programa ng Pamahalaang Nasyunal at Lokal ukol sa Rice Sufficiency Program at Food Security Program;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagpapabuti at pagpapalakas ng sektor ng Pagsasaka sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga tulong gaya ng libreng binhi, libreng pataba, mechanization gayundin ang pagprotekta sa kanilang mga karapatan gaya ng pagpapadaloy ng sapat na patubig para sa kanilang mga lupaing sinasaka;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

Sa mungkahi ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista, na sinang-yunan ng lahat at may bisa ng batas, ang:

**SEKSYON 1. - PAMAGAT** – Kikilalanin ang Kautusang Panlungsod na ito bilang "WATER IRRIGATION PROTECTION ORDINANCE"

**SEKSYON 2. - POLISIYA** – Pangunahin sa polisiya ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagpapaangat at pagpapaunlad ng sektor ng mga magsasaka kung kaya't layunin din nito ang pagbibigay ng proteksyon sa kanilang hanapbuhay at industriya sa pamamagitan ng pagtitiyak ng pagkakaloob ng sapat na suporta sa kanilang mga pangangailangan tulad ng patubigan, makabagong kagamitan at kabuhayan (Social Protection) sapagkat kinikilala ng Pamahalaang Panlungsod ang kanilang malaking papel na ginagampanan sa pagbuo ng isang matatag na pamayanan.

**SEKSYON 3. - TADHANAIN** – Minamandato ng Kautusang Panlungsod na ito ang mga sumusunod:

3.I Mahigit na pagbabawal sa pagsasara, pagsira o pagtatambak sa anumang bahagi ng patubigan o daluyan ng tubig pangsakahan ng National Irrigation Administration (NIA-Canal) at Lateral nito;
3.II Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtatayo ng anumang istruktura sa ibabaw ng patubigan o daluyan ng tubig pangsakahan maliban lamang kung may pahintulot mula sa ahensya ng Pamahalaan;
3.III Para sa mga subdivision developers, minamandato ang pagsasama ng kaukulang plano para sa pagpapanatili ng mga NIA Canal at Lateral nito sa kanilang Development Plan upang tiyakin ang daloy ng tubig dito patungo sa bukiring katabi nito gayundin sa mga sangka;
3.IV Para sa mga establisemento o industriya na sakop ng Kautusang Panlungsod Blg. 67-2020 O ang paggagawad ng Special Use Permit (SUP) ay minamandato ang pagtitiyak ng patuloy na pagdaloy ng tubig sa mga NIA Canal at Lateral nito na kanilang nasasakop.

**SEKSYON 4. - REKOSITOS** – Minamandato ang pagsusumite o pagsasama sa plano para sa patuloy na pag-iral ng NIA-Canal at Lateral nito sa Development Plan at Subdivision Plan gayundin sa mga aplikante para sa paggagawad ng Special Use Permit (SUP) bago tuluyang mapagtibay ang kanilang aplikasyon. Inaatasan din ang Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero at Tanggapan sa Agrikultura na rebisahin ang nasabing plano.

**SEKSYON 5. - KAPARUSAHAN** – Sinumang lalabag sa tinatagubilin ng Kautusang Panlungsod na ito ay papatawan ng Kaparusahan batay sa ibaba nito:

**I. PAGLABAG SA ITINATADHANA NG SEKSYON 3.I AT 3.II**

| | |
|---|---|
| **UNANG PAGLABAG** | P5,000.00 multa o pagkakakulong ng 10 araw at pagbabaklas ng Istrakturang itinayo o itinambak mula sa kanyang gastusin gayundin ang gastusin para sa pagsasaayos ng nasira nito. |
| **PANGALAWANG PAGLABAG** | P5,000.00 multa o pagkakakulong ng 15 araw at pagbabaklas ng istrakturang itinayo o itinambak mula sa kanya ng gastusin gayundin ang gastusin para sa pagsasaayos ng nasira nito. |
| **PANGATLONG PAGLABAG** | P5,000.00 multa o pagkakakulong ng 30 araw at pagbabaklas ng istrukturang itinayo o itinambak mula sa kanyang gastusin gayundin ang gastusin para sa pagsasaayos ng nasira nito. |

**II. PAGLABAG SA ITINATADHANA NG SEKSYON 3.III at 3.IV:**

| | |
|---|---|
| **UNANG PAGLABAG** | P5,000.00 multa pagkakakulong ng 15 araw at pagbawi sa pagpapatibay ng Development Plan. |
| **PANGALAWANG PAGLABAG** | P5,000.00 multa o pagkakakulong ng 20 araw at pagbawi sa pagpapatibay ng Development Plan. |
| **PANGATLONG PAGLABAG** | P5,000.00 multa o pagkakakulong ng 30 araw at pagbawi sa pagpapatibay ng Development Plan. |

Kung Korporasyon o "Juridical Person" ang lumabag sa anumang tadhanain ng Kautusang Palungsod na ito ay ipapataw ang kaparusahan sa Pangulo ng nasabing Korporasyon.

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. [illegible], KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. RICARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

--------------------------------x

**SEKSYON 6. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY -** Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 7. - KABISAAN -** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
MAY 1 0 2023
**Petsa ng Pagtitibay**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05082023